# KAPASIYAHAN BLG. 2019-139

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT KAGAWARAN NG TEKNOLOHIYANG PANG-IMPORMASYON AT KOMUNIKASYON NA NAUUKOL SA ELECTRONIC BUSINESS PERMITS AND LICENSING SYSTEM SOFTWARE (E-BPLS)."**

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. John Erick L. Perez**

**SAPAGKA'T,** ang Kagawaran ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Komunikasyon ay nakalinang o naka-*develop* ng *software* para sa pagproseso ng business permits;

**SAPAGKA'T,** ang Kagawaran ng Teknolohiyang Pang-impormasyon at Komunikasyon ang siyang nagmamay-ari ng Electronic Business Permits and Licensing System Software (E-BPLS) at ninanais na magamit ng Pamahalaang bayan ng Bustos;

**SAPAGKA'T**, ang elektronikong pagproseso ng mga business permits ay makakasigurong makakasunod sa mga binagong pamantayan sa serbisyo na nakasaad sa Memorandum Circular No. 1, Series 2019 na nilagdaan ng pinagsanib na tanggapan ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya at Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay makakapagpataas ng antas ng serbisyo publiko ng Pamahalaang Bayan ng Bustos.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA,** gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na bigyang pahintulot sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na

katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at lumagda sa isang *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng pamahalaang bayan at Department of Information and Communications Technology (DICT) na nauukol sa Electronic Business Permits and Licensing System Software (E-BPLS).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim